Light Reading — newsletter sa customer ng Seattle City Light
Setyembre-Oktubre 2013

Mula sa general manager

Alam mo ba na ang Seattle City Light ay kinikilala sa buong bansa para sa environmental leadership nito? Narito ang ilang halimbawa.

Nagsisikap ang utility upang gawing ligtas para sa mga isda ang aming operasyon. Ipinapakita ng mga kamakailang survey na mas maraming tirahan ng steelhead sa ilog sa ibaba ng Skagit hydroelectric project ng utility. Tumaas nang 400 percent ang average na bilang ng mga pink salmon sa mga ilog pababa mula sa mga dam mula noong unang bahagi ng dekada 1980. Tumaas ang bilang ng chum salmon at pinakamalusog ang mga populasyon ng Chinook sa alinman sa mga ilog sa Puget Sound.

Ginagawa rin namin ang aming bahagi para sa lupa. Sa taong ito, pinangalanan ang City Light na Tree Line USA Utility ng Arbor Day Foundation para sa pangangalaga at pagpapabuti ng mga gubat sa lungsod sa teritoryo ng serbisyo nito. At carbon neutral ang utility mula pa noong 2005.

Ilang halimbawa lang ang mga ito kung bakit mapagkakatiwalaan mo kami sa aming pangangalaga sa kalikasan.
- Jorge Carrasco, general manager at chief executive officer ng Seattle City Light

Higit pang serbisyo sa customer

Kamakailang nagbukas ang Lungsod ng Seattle ng bagong center ng serbisyo sa customer sa main lobby ng Seattle Municipal Tower (700 Fifth Avenue). Makakapagbayad ka ng mga bayarin sa utility at buwis, makakabili ng mga lisensya para sa mga alagang hayop, makakakuha ng lisensya para sa negosyo, at higit pa. Bukas ang center mula 8 a.m. hanggang 5 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Tumawag sa 206.684.2489 para sa higit pang impormasyon.

I-recycle nang libre ang mga bumbilya ng ilaw

Sa October, nagsasagawa ang City Light at Seattle Public Utilities ng mga pagdiriwang sa pagtitipid ng kuryente. Dalhin ang iyong mga napunding compact fluorescent bulb (CFL) at papalitan namin ang mga ito ng mga libreng CFL (hanggang lima). Alamin ang mga lokasyon, petsa at oras sa www.seattle.gov/twistandsave.

Nagbabalik ang Community solar

Inilulunsad ng City Light ang proyekto nitong Community Solar para sa ikalawang pagkakataon sa bubong ng Seattle Aquarium. Maaaring lumahok ang sinumang may City Light account.

Binubuo at pinangangalagaan ng City Light ang solar array, at nagbibigay ang nailikhang kuryente ng taunang credit sa bawat customer ng Community Solar. Nagkakahalaga ng $150 ang bawat solar unit, at ikaw ang bahala kung bibili ka ng isa o 100. Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang www.seattle.gov/communitysolar

Tanungin kami
May tanong tungkol sa pagtitipid ng kuryente o sa aming mga programa sa renewable na kuryente? Tumawag sa isang Seattle City Light Energy Advisor sa 206.684.3800 o mag-email sa SCLEnergyAdvisor@seattle.gov.

Paligsahan at kalendaryo
Itinatampok sa aming kalendaryong 2014 Shrinking Bigfoot ang mga likha at larawan ng 12 nagwagi sa aming paligsahang Shrinking Bigfoot. Ibebenta namin ang mga kalendaryo sa halagang $10 bawat isa. Susuportahan ng nalikom na pera ang Project Share, isang programa na tinutulungan ang mga customer na nagkakaroon ng problema sa pagbabayad sa kanilang mga bayarin sa kuryente. Tumuklas ng higit pa tungkol sa paligsahan, at mag-order ng kalendaryo sa www.seattle.gov/light/contest.

Online ang lahat ng ito
Madali lang mahanap ang impormasyon tungkol sa City Light online:
- Nagbibigay sa iyo ang aming outage map ng impormasyon tungkol sa kasalukuyang kawalan ng kuryente;
- Nag-aalok ang mga video sa YouTube ng mga tip sa pagtitipid ng kuryente, at higit pa;
- Mayroong mga pinakabagong balita tungkol sa City Light sa Facebook at Twitter.

Tingnan ang mga ito sa www.seattle.gov/light.

Paggawa ng mga crew ng City Light
Mayroon kaming mga proyekto sa mga lugar na ito:
- Sa pagitan ng Beacon Ave. S. at E. Marginal Way S. sa Tukwila: Pagpapalit sa 10 transmission pole at pag-i-install ng dalawang bagong distribution feeder upang maging mas maaasahan;
- S.W. Burien at Bryn Mawr: Pagpapalit sa mga lumang poste upang maging mas maaasahan ang pamamahagi ng kuryente;
- Shoreline: Muling pagpapalitada sa 12th Ave. N.W. upang makumpleto ang proyekto sa pag-upgrade sa ilalim ng lupa;
- Rainier Vista, High Point, Holly Park: Pag-a-upgrade sa grounding system ng mga streetlight;
- Pioneer Square (S. Washington St. sa pagitan ng 3rd Ave. S. at 4th Ave. S.): Pagtatayong muli ng mga umiiral nang imprastraktura upang maging maaasahan.

Bisitahin ang www.seattle.gov/light/construction at mag-click sa construction sign para sa mga detalye.

Impormasyon tungkol sa Seattle City Light
Address: 700 Fifth Avenue, Suite 3200, PO Box 34023 Seattle, WA 98124-4023
Website: www.seattle.gov/light
Utility Call Center: 206.684.3000
May mga tanong, komento o suhestiyon? Tumawag sa 206.684.3000 o makipag-ugnayan sa "Tell Seattle City Light" sa www.seattle.gov/light.